Taon 36 Blg. 67

Ika-13 Linggo sa Karaniwang Panahon (A) — Luntian St. Peter's Pence (Obolum Sancti Petri)

Hulvo 2, 2023

Si Henri Nouwen, na namatay noong ika-21 ng Setyembre 1996, ay kinikilala bilang isa sa mga dakilang maestro sa espiritwalidad ng makabagong panahon. Maraming buhay ang kanyang natulungan bilang isang pari, pastor, guro, kaibigan at higit sa lahat, bilang isang manunulat. Ang kanyang mga gawa ay tinaguriang mga klasiko sa larangan ng espiritwalidad-Clowning in Rome Genesee Diary, In Memoriam, The Wounded Healer, The Return of Prodigal Son. Minsan, ayon kay Hillary Clinton ng Amerika, na dating unang Ginang at ngayon ay isang Senadora, ang The Return of the Prodigal Son ang nangunguna sa mga paborito niyang babasahin sa espiritwalidad.

Marubdob, masidhi, malalim, at buhay na buhay ang pagkatao ni Henri. Madali siyang nakapagbibigay inspirasyon sa mga tao, nabibigyan ang mga madlang tagapakinig ng panibagong pag-asa sa Diyos, bagamat batid din niya ang mga panahon ng kawalan at kahinaan sa kanilang buhay. Dito siya kinikilala ng kanyang mga kaibigan kung kaya ganito na lamang ang kanilang pagtulong sa kanya. Hinahayaan nilang personal siyang makisalamuha, bagamat ginagalang din nila ang kanyang pribadong buhay at panahon ng pagsusulat. Ikinuwento ni Robert Jonas, isang matalik na kaibigan na may-akda ng Henri Nouwen-Writings Selected (Pasay City: Paulines, 2000), noong 1995 si Henri ay nanuluyan muna sa kanyang tahanan upang magpahinga. Malugod siyang tinanggap ng pamilya at binigyan siya ng isang silid. Tuwing umaga, pagkatapos ng almusal, ay nagsusulat siya sa kanyang journal. Isinama ni Robert si Henri sa isang health club para naman makapagehersisyo ito. Sa kinahapunan ay

# ANG PABUYA SA KAGANDAHANG-LOOB



P. Gil A. Alinsangan, SSP

magsusulat muli si Henri upang mabigyan panahon ang mga sulat na dumarating din sa kanya. Ayon kay Robert, naging kaaya-aya at minsan ay nakahihilong karanasan ang makasama si Henri sapagkat tunay ngang kakaiba siyang kaibigan.

Ang pamilya ng mga Jonas ay maihahambing din sa mayamang babae at ng kanyang asawa na tumatanggap kay Eliseo sa tuwing mapapagawi ito sa Sunem (Unang Pagbasa). Mapagkaloob ang babae bagamat tahimik lamang siya. Hindi niya ipinahahalata ang kanyang ganap na kagalakang makasama ang propeta o kahit na ang kanyang matinding kalungkutan (sapagkat wala pa siyang anak). Ganito rin ang ipinakita ni Eliseo. Alam niya na ang kabutihang-loob ng mga tumanggap sa kanya ay inuukol nila sa Diyos. Hindi siya nakialam sa pribadong buhay nila, bagamat nang ninais niyang suklian ang kanilang kabutihang-loob, kinausap niya ang kanyang kasama upang magbigay payo tungkol sa bagay na ito.

Ang mag-asawa ay tumanggap ng "gantimpalang nauukol sa propeta": ang pagkakaroon ng isang anak. Si Robert at ang kanyang pamilya, sa kabilang banda naman, ay napabilang sa mga pinagpala dahil

sa kaloob na pakikipagkaibigan nila sa isang kakaibang tao, si Henri Nouwen. Mahilig si Henri magpadala ng mga regalo sa kanyang mga kaibigan, kung kaya ang anak ni Robert ay laging nakatatanggap ng mga regalo mula kay Henri sa tuwing bibiyahe ito.

Sa ating Ebanghelyo ngayon tungkol sa usapang Misyon, sinasabi ni Hesus na tanggapin natin ang mga disipulo na kanyang mga sugo bilang pagtanggap na rin sa kanya. Ipinababatid rito ni Hesus na tunay ngang kaisa niya ang bawat misyonero. Subalit hindi lamang kaisa ni Hesus ang bawat propeta o bawat taong matuwid—sina Eliseo o Henri man. Nasisilayan din si Hesus sa bawat isa, gaano man ito kababa, o kahit gaano man ito kahirap mahanapan ng kanyang aninag. Ang pagbibigay ng kahit isang basong tubig sa mga maliliit na ito (kahit hindi man ito masuklian) ay tiyak na makatatanggap ng pabuya sa Panginoon.

Sa panahon ngayon, maraming tao ang nagdadalawang-isip tungkol sa pagbibigay-limos o pagtanggap nang maluwag sa mga 'di kilalang tao. Natatakot tayo na sa halip na makatulong sa mga tunay na nangangailangan, tayo pa ang nagiging biktima ng mga pangaabuso ng mga "propesyonal" na pulubi. Gayunpaman, ang kabutihang-loob ay nasa puso ng pagiging isang tunay na disipulo. At pinaaalalahanan tayo ng Panginoon na ang pintuan ng kaharian ay bubuksan o isasara ayon sa ginawa o 'di natin nagawa para sa mga taong nagugutom o nauuhaw, mga dayuhan o hubad, mga maysakit o bilanggo: "Ano man ang ginawa ninyo sa isa sa aking mga pinakamaliit na kapatid ay ginawa ninyo sa akin" (Mt 25:40).

### **PASIMULA**

### Antipona sa Pagpasok

(Slm 47:1)

(Basahin kung walang pambungad na awit.)

Lahat ng mga nilikha, pumalakpak nang may tuwa sa Amang D'yos na Maygawa, purihin s'ya sa salita 'pagka't siya ang Lumikha.

### **Pagbati**

(Gawin dito ang tanda ng krus.)

**P**—Ang pagpapala ng ating Panginoong Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo nawa'y sumainyong lahat.

### B—At sumaiyo rin.

**Paunang Salita** 

(Maaaring basahin ito o isang katulad na pahayag.)

P—Sa ating Ebanghelyo ngayong Linggo, ipinahahayag ni Hesus ang paggawad ng gantimpala sa mga taong karapat-dapat tumanggap nito. Gayunpaman, hindi marapat na nakatuon lamang tayo sa gantimpala na hatid ay karangalan. Inaanyayahan tayo ni Hesus na muli siyang tanggapin bilang Diyos at dakilang gantimpala natin. Búhay na ganap at kasiya-siya ang makakamtan ng sinumang tumatanggap kay Hesus.

### **Pagsisisi**

**P**—Mga kapatid, aminin natin ang ating mga kasalanan upang maging marapat tayong gumanap sa banal na pagdiriwang. (*Tumahimik*)

**P**—Sinugong Tagpagpagaling sa mga nagsisisi: Panginoon kaawaan mo kami.

# B—Panginoon, kaawaan mo kami.

**P**—Dumating na Tagapaganyayang mga makasalana'y magsisi: Kristo kaawaan mo kami.

#### B—Kristo, kaawaan mo kami.

**P**—Nakaluklok ka sa kanan ng Diyos Ama para ipamagitan kami: Panginoon, kaawaan mo kami.

# B—Panginoon, kaawaan mo kami.

**P**—Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B—Amen.

#### Gloria

Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen.

### Pambungad na Panalangin

**P**—Manalangin tayo. (Tumahimik)

Ama naming makapang-yarihan, kaming iyong mga kinupkop ay niloob mong maging mga anak sa liwanag mong kaloob. Huwag mong ipahintulot na sa katiwalian kami ay masangkot. Panatilihin mo kaming nagliliwanag sa iyong katapatang lubos na sumisikat sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan. **B—Amen.** 

### PAGPAPAHAYAG NG Salita ng diyos



Unang Pagbasa (2 Hari 4:8–11, 14–16a) (Umupo)

Pinatuloy ng mayamang babae si Eliseo, ang lingkod ng Diyos, sa kanyang tahanan. Dahil sa kanyang kabutihang loob kinalugdan siya ng Diyos sa pamamagitan ng biyaya na matagal na niyang hinahangad.

# Pagbasa mula sa ikalawang aklat ng mga Hari

MINSAN, si Eliseo'y nagpunta sa Sunem. May isang mayamang babae roon at siya'y inanyayahan na kumain sa kanila. Mula noon, doon siya kumakain tuwing pupunta sa lugar na iyon. Sinabi ng babae sa kanyang asawa, "Natitiyak kong lingkod ng Diyos ang taong ito. Bakit hindi natin siya ipagpagawa ng isang silid para matuluyan niya tuwing pupunta rito? Bigyan natin siya ng higaan, mesa, upuan at ilaw."

Nang magbalik si Eliseo, doon siya nagpahinga sa silid na inihanda sa kanya. Pagkaalis ng babae, tinanong ni Eliseo si Giezi, "Ano kaya ang maitutulong natin sa kanya?" Sumagot si Geizi, "Wala po siyang anak at matanda na ang asawa." "Tawagin mo uli," utos ni Eliseo. Nagbalik ang babae at tumayo sa may pintuan. Sinabi sa kanya ni Eliseo, "Isang taon mula ngayon ikaw ay magkakaanak."

—Ang Salita ng Diyos.B—Salamat sa Diyos.

Salmong Tugunan (Slm 88)

T—Pag-ibig mong walang maliw ay lagi kong sasambitin.

Sr. M.C.A. Parco, fsp





- 1. Pag-ibig mo,/ Poon, na di magmamaliw/ ang sa tuwi-t'wina'y aking aawitin,/ ang katapatan mo'y laging sasambitin./ Yaong pag-ibig mo'y walang katapusan,/ sintatag ng langit ang 'yong katapatan. (T)
- 2. Mapalad ang taong sa 'yo'y sumasamba,/ sa pagsamba nila'y inaawitan ka/ at sa pag-ibig mo'y

namumuhay sila./ Sa buong maghapon, ikaw'y pinupuri, / ang katarungan mo'y siyang sinasabi. (T)

**3.** Ang tagumpay namin ay iyong kaloob,/ dahilan sa iyong kagandahang loob./ Pagkat pinili mo yaong hari namin,/ kaloob mo ito, Banal ng Israel. **(T)** 

Ikalawang Pagbasa (Rom 6:3–4, 8–11)

Nalibing tayo kasama ni Kristo sa pamamagitan ng binyag. Kasama niya, tayo'y mabubuhay sa isang bagong pamumuhay.

### Pagbasa mula sa sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Roma

MGA KAPATID: Hindi ba ninyo nalalaman na tayong lahat na nabinyagan kay Kristo Hesus ay nabinyagan [din] sa kamatayan? Samakatwid, tayo'y namatay at nalibing na kasama niya sa pamamagitan ng binyag upang kung paanong binuhay na muli si Kristo sa pamamagitan ng dakilang kapangyarihan ng Ama, tayo nama'y mabuhay sa isang bagong pamumuhay. Ngunit tayo'y naniniwalang mabubuhay tayong kasama ni Kristo kung namatay tayong kasama niya. Alam nating si Kristo na muling binuhay ay hindi na muling mamamatay. Wala nang kapangyarihan sa kanya ang kamatayan nang siya'y mamatay, namatay siya nang minsanan para sa kasalanan, at ang buhay niya ngayo'y para sa Diyos. Kaya dapat ninyong ibilang ang inyong sarili na patay na sa kasalanan datapwa't buhay naman para sa Diyos sa inyong pakikipag-isa kay Kristo Hesus.

—Ang Salita ng Diyos.B—Salamat sa Diyos.

Aleluya (1 Ped 2:9) (Tumayo)

B—Aleluya! Aleluya! Ikaw, Kristo, ang humirang upang kami'y maging bayan ng pari at haring banal. Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita (Mt 10:37–42)

P—Ang Mabuting Balita ng

Panginoon ayon kay San Mateo **B—Papuri sa iyo, Panginoon.** 

NOONG panahong iyon, sinabi sinabi ni Hesus sa kanyang mga apostol: "Ang umiibig sa ama o sa ina nang higit sa akin ay hindi karapat-dapat sa akin. At ang umiibig sa anak na lalaki at babae na higit sa akin ay hindi karapat-dapat sa akin. Ang hindi nagpapasan ng kanyang krus at sumusunod sa akin ay hindi karapat-dapat sa akin. Ang nag-iingat sa kanyang buhay ay siyang mawawalan nito, at ang nawawalan ng kanyang buhay dahil sa akin ay magkakamit nito.

Ang tumatanggap sa inyo ay tumatanggap sa akin, at ang tumatanggap sa akin ay tumatanggap sa nagsugo sa akin. Ang tumatanggap sa isang propeta dahil sa siya'y propeta ay tatanggap ng gantimpala ukol sa propeta. At ang tumatanggap sa isang taong matuwid dahil sa siya'y matuwid ay tatanggap ng gantimpalang nauukol sa taong matuwid. At sinumang magbigay ng kahit isang basong tubig na malamig sa isa sa maliliit na ito dahil sa ito'y alagad ko—tinitiyak ko sa inyong tatanggap siya ng gantimpala."

—Ang Mabuting Balita ng Panginoon.

B—Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.

Homiliya (Umupo)

Pagpapahayag ng Pananampalataya (Tumayo)

B—Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng

Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao, at sa buhay na walang hanggan. Amen.

### Panalangin ng Bayan

P—Manalangin tayo sa Diyos Ama nating nasa langit upang pagkalooban niya tayo ng grasyang ating kinakailangan sa kasalukuyan at upang makamtan natin ang dakilang kaloob niyang gantimpala sa langit:

# T—Ama, dinggin mo ang aming panalangin.

L—Masalamin nawa ang dakilang pag-ibig mo, O Diyos, ng mga pinuno ng Simbahan sa pamamagitan ng kanilang banal na pamumuhay at taos-pusong paglilingkod. Manalangin tayo: (T)

L—Makapaglingkod nawa nang tapat ang mga lider ng aming pamayanan. Huwag nawa nilang isipin ang pansariling interes upang magampanan nila ang kanilang tungkulin nang may malasakit. Manalangin tayo: (T)

L—Makasumpong nawa ng bagong pag-asa ang mga maysakit at mga kapatid naming may matinding pinagdaraanan sa pamamagitan ng mga taong patuloy na kumakalinga sa kanila. Manalangin tayo: (T)

L—Bigyang lakas mo nawa kami upang kami'y maging instrumento ng pag-ibig at kapayapaan ni Hesukristo laban sa puwersa ng mga makamundong pag-iisip at kamalayan. Manalangin tayo:(T)

L—Makasapit nawa sa buhay na walang hanggan ang mga kapatid naming yumao. Patawarin mo sila sa kanilang mga kasalanan. Manalangin tayo: (T) L—Sa ilang sandali ng katahimikan, ating ipanalangin ang iba pang mga pangangailangan ng ating pamayanan pati na rin ang ating pansariling kahilingan (*Tumahimik*). Manalangin tayo: (T)

**P**—Ama naming banal, tunghayan mo kaming mga nagsusumamo sa'yo. Pagkalooban mo kaming matibay na pananalig sa iyong banal na grasya na siyang aming lakas upang ipagpatuloy ang aming paglalakbay tungo sa'yo. Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Hesukristong aming Panginoon.

B—Amen.

## PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN



### Paghahain ng Alay (Tumayo)

**P**—Manalangin kayo...

B—Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

### Panalangin ukol sa mga Alay

P—Ama naming Lumikha, kami'y iyong pinapagindapat gumanap sa pagdiriwang ng paghahain ng iyong pagliligtas. Ipagkaloob mong ang aming paglilingkod sa iyo ay gawing kalugod-lugod ng mga alay na ito sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan. B—Amen.

### Prepasyo (Karaniwan IV)

**P**—Sumainyo ang Panginoon.

B—At sumaiyo rin.

**P**—Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.

B—Itinaas na namin sa Panginoon.

**P**—Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos.

B—Marapat na siya ay pasalamatan.

**P**—Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Siya ay naging kapwa naming maaasahan upang may mangunang umako sa pananagutan dahil hangad mong magbago ang kinamihasnang pagkakanya-kanya ng sangkatauhan. Bunga ng pagtitiis, siya ay nanaig at ang kamatayan ay kanyang nalupig kaya't siya ang aming Daan para aming masapit ang iyong tapat at maaasahang pag-ibig.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B—Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga hukbo! Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo! Osana sa kaitaasan! Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon! Osana sa kaitaasan! (Lumuhod)

Pagbubunyi (Tumayo)

B—Aming ipinahahayag na namatay ang iyong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.

### **PAKIKINABANG**

#### **Ama Namin**

B—Ama namin...

**P**—Hinihiling naming...

B—Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen.

### Pagbati ng Kapayapaan

## Paanyaya sa Pakikinabang (Lumuhod)

P—Ito ang Kordero ng Diyos. Ito ang nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging. B—Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatulóy sa iyo ngunit sa isang salita mo

Antipona sa Komunyon (Slm 103:1)

lamang ay gagaling na ako.

Kaluluwang aking taglay, Poon ay 'yong papurihan. Tanang

aking kakayahan, purihin mo kailanman ngalan ng Poong Maykapal.

## **Panalangin Pagkapakinabang** (*Tumayo*)

P—Manalangin tayo. (Tumahimik)
Ama naming mapagmahal,
buhayin nawa kami ng aming
inihain at pinagsaluhan upang
kaming pinagbuklod sa pag-ibig
mo kailanman ay magkaroon ng
bungang lagi naming maiaalay
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo
magpasawalang hanggan.

B—Amen.

### **PAGTATAPOS**

**P**—Sumainyo ang Panginoon.

B—At sumaiyo rin.

### **Pagbabasbas**

**P**—Magsiyuko kayo habang iginagawad ang pagbabasbas. *(Tumahimik)* 

**P**—Pagpalain nawa kayo at ingatan ng Panginoon ngayon at magpasawalang hanggan.

B—Amen.

**P**—Nawa'y kahabagan niya kayo at subaybayan ngayon at magpasawalang hanggan.

B—Amen.

**P**—Lingapin nawa niya kayo at bigyan ng kapayapaan ngayon at magpasawalang hanggan.

B—Amen.

**P**—Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos, Ama at Anak (†) at Espiritu Santo.

B—Amen.

### **Pangwakas**

**P**—Tapos na ang Misa. Humayo kayo at mamuhay bilang mga tunay na tagasunod ni Kristo.

B—Salamat sa Diyos.

### SUBSCRIBE TO OUR SAMBUHAY DIGITAL MISSALETTE

For inquiries and orders:

FACEBOOK: Sambuhay Missalette GMAIL: sambuhay@stpauls.ph TEL: (02) 8895-9701